OUTSIDE 1st fold 2nd fold

# Anong dokumentasyon ang kailangan ko?

**Patunay ng Pagkakwalipikado:**
Gaya ng Provider One, EBT card, pinakabagong 30 araw na pay stub, o liham ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

**Patunay ng Pagkakakilanlan:**
Gaya ng lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, o ID card na inisyu ng gobyerno.

Para sa kumpletong listahan ng mga tinatanggap na dokumento, puntahan ang ORCA online portal: **info.myORCA.com/LIFT**

# Paano mag-apply?

## Online

1. Pumunta sa: **info.myORCA.com/LIFT** at i-click ang “Mag-apply Online”
2. I-click ang button na Mag-apply sa tabi ng isa sa tatlong opsyon ng kwalipikasyon:
   - Magkwalipika sa pamamagitan ng programa ng mga benepisyo
   - Magkwalipika sa pamamagitan ng student aid
   - Magkwalipika sa pamamagitan ng kita
3. Mag-sign up para magbukas ng account gamit ang aktibong email address, password, at pangalan at apelyido.
4. Kumpletuhin ang aplikasyon. Matatanggap mo ang iyong card sa loob ng 2 linggo.

## Mag-apply sa isang service location

### ORCA LIFT Office, Seattle

Katabi ng opisina ng Customer Service ng Metro sa Jackson
201 S. Jackson, Seattle, WA 98104
Bukas nang Lunes – Biyernes, 8:30 a.m. – 4:30 p.m.

### ORCA LIFT Office, Federal Way

640 S 318th Pl #B, Federal Way WA 98003
Lunes – Huwebes, 8:30 a.m. – 5:00 p.m.
(sarado mula 1:00 – 2:00 p.m. nang tanghalian)
Sabado, 10:00 a.m. – 2:00 p.m.

### Catholic Community Services at Catholic Housing Services ng Western Washington

100 23rd Avenue S, Seattle, WA 98144
Bukas nang Lunes – Biyernes, 7:30 a.m. – 5:00 p.m.

## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

**info.myORCA.com/LIFT**

**(888) 988-6722, TTY: 711**

**(800) 823-9230**
中文 (简体) Español Tagalog
Русский 한국어 Tiếng Việt

**Mga Oras ng Customer Service**
Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.

orca LIFT

# Makarating. Makamura.

## May diskwentong pamasahe para sa daan-daang destinasyon



April2026_ORCA_BR_LIFT-Overview-Brochure_TL.indd 1 3/9/26 4:21 PM

## Ano ang ORCA LIFT?

Nag-aalok ang ORCA LIFT ng mga may diskwentong pamasahe para sa mga rider na maliit ang kita. Kumuha na ngayon ng iyong card para makatipid ng 50% o higit pa sa mga pamasahe. Makarating at makamura sa ORCA LIFT.

## Magkano ang matitipid ko?

Ang mga cardholder ng ORCA LIFT ay kadalasang nakakatipid nang kalahati sa karamihan ng mga biyahe. Iba-iba ang eksaktong matitipid batay sa transit agency at paraan ng transportasyon. Para sa kumpletong listahan ng mga pamasahe ng ORCA LIFT, pumunta sa: **info.myORCA.com/LIFT**

## Kwalipikado ba ako?

Para magkwalipika, ikaw dapat ay isang adult na 19-64 na taong gulang na may kakayahang pinansyal (batay sa chart sa ibaba).

| Laki ng Pamilya | Gross na Kita* (bago ikaltas ang buwis) | |
|---|---|---|
| | Buwanan | Taunan |
| 1 | $2,660 | ~ $31,920 |
| 2 | $3,607 | ~ $43,284 |
| 3 | $4,553 | ~ $54,636 |
| 4 | $5,500 | ~ $66,000 |
| 5 | $6,447 | ~ $77,364 |
| 6 | $7,393 | ~ $88,716 |

*Ang mga antas ng gross na kita ay valid hanggang Abril 2027.

## Saan ako pwedeng sumakay gamit ang ORCA LIFT?

orca LIFT

Magagamit ang iyong ORCA LIFT card sa halos lahat ng lugar na tumatanggap ng ORCA payment card, at awtomatiko mong makukuha ang pinakamurang kwalipikadong pamasahe.

Tumatanggap ang lahat ng ahensya ng ORCA ng ORCA LIFT card pera ang ilan, gaya ng Washington State Ferries, ay maaaring hindi magbigay ng diskwento.

**I-scan para makita ang lahat ng paraan para makatipid, o pumunta sa: info.myORCA.com**




FUNDED BY WASHINGTON'S CLIMATE COMMITMENT ACT

Ang ORCA LIFT ay suportado ng pagpopondo ng Climate Commitment Act ng Washington. Sinusuportahan ng CCA ang mga pagsisikap ng Washington patungkol sa pag-aksyon sa klima sa pamamagitan ng paggamit ng mga cap-and-invest dollars para mabawasan ang polusyong nakakaapekto sa klima, makapagbigay ng mga trabaho, at mapabuti ang kalusugan ng publiko. Makikita ang impormasyon tungkol sa CCA sa www.climate.wa.gov.